2011

Washington State Redistricting Commission

Ang inyong karapatan na makapag-salita, Ang inyong boto.

Ang tungkol sa muling pag-di-distrito

Pinag-uutos ng Konstitusyon ng Estados Unidos na suriin ng lahat ng mga estado ang bawa't hangganan ng mga distritong pagbo-boboto tuwing sampung taon na alinsunod sa U.S. Census. Noong 1983, itinatag ng mga botante ng Washington ang Washington State Redistricting Commission (Ang Komisyon ng Estado Para sa Muling pag-di-Distrito) upang matiyak na ang mga hangganan ng bawa't distrito ay maisa-ayos sa pamamagitan ng malinis at pantay na pamamaraan. Ang Redistricting Commission ay binubuo ng dalawang Democrat at dalawang Republican bilang mga miyembro ng komisyon na maaaring bumoto, at ng isang di-bumobotong, walang-partidong taga-pangulo.

Ano ang ibig sabihin ng muling pag-di-distrito?

Ang muling pag-di-distrito ay ang paraan upang baguhin ang mga hangganan ng mga distritong itinatag para sa pagbo-boto upang ang lahat ng mga ito ay may halos pantay-pantay na bilang ng tao, at ang kung anumang mga grupong minorya na may interes sa gobyerno ay hindi nahi-hiwa-hiwalay. Tinitiyak nito na ang lahat ay may patas na karapatan sa pagboboto.

Bakit kinakailangan mag-distrito muli?

Habang ang mga estado o ang komunidad ay naglalakihan at nagbabago, ang wastong pag-katawan ng mga sambayanan sa gobiyerno ay nawawalan ng balance. Binabalanse muli ang lahat dahil sa muling-pag-di-distrito upang siguraduhin na ang bawa't mamamayan ay nai-re-representa nang walang kinikilingan sa Lehislatura ng estado at Congreso ng U.S.

Mai-impluwensiya ba ng mga partidong politikal ang pamamalakad na ito?

Ang pamamalakad na ito ay ginawa upang ang pagsa-saayos ng pag-di-distrito ay matuwid hanggang sa maaari para sa nilalahat. Ang mga miyembro ng komisyon ay nonombrahin ng mga pinuno ng lehislatura mula sa dalawang pinaka-malaking partidong politikal ng bawa't pulong ng lehislatura. Kinakailangang magka-sundo-sundo ang nakararami sa apat na bumobotong komisyonado tungkol sa planong pangwakas na pag-di-distrito mula sa lehislatura at kongreso batay sa huling araw na itinakda ng Konstitusyon ng Estado.

Ano itong muling-pag-babahagi?

Itong muling-pag-babahagi ay nangyayari lamang tuwing sampung taon upang maipamigay muli ang mga upuan sa kongreso sa mga 50 estado nang sa gayon ang lahat ay patas na inirepresenta sa Kongreso ng US. Itinatakda ng batas Pederal na ang Kapulungan ng mga Representante ng U.S. ay may kinabibilangan na 435 upuan na pinag-ha-hati sa 50 estado. Ang bawa't estado ay nakakatanggap ng kahit isang upuan sa kongreso. Ang mga nalalabing 385 ay pag-hahati-an o kaya'y "ibabahagi" batay sa populasyon. Gawa na ang populasyon ng ibang mga estado ay mas-mabilis lumaki kaysa sa iba, ang mga upuan ng kongreso ay lumilipat mula sa mabagal na pag-laking mga estado tungo sa mga estadong mabilis ang pag-laki.

Nabilang ng 2010 Census ang humigit lamang sa 6.7 milyong katao na naka-tira sa Washington. Dahil sa ating makabuluhang pag-unlad, makikinabang ang Washington ng pang-10 upuan sa Kongreso. Kinakailangang itakda ng Redistricting Commission ang hangganan ng pagboboto para dito sa panibagong distritong kongreso.

Ilang katao ang nasa bawa't distrito?

Ang bilang ng tao para sa bawa't distrito ay base sa 2010 Census. Ang bawa't distrito ay kinakailangang may populasyon na "halos pantay maging ito'y praktikal." Ang ibig sabihin nito ay sa populasyon na ang bilang ay 6.7 milyong katao, at 49 distritong lehislatura, ang bawa't distrito ay dapat may halos 137, 235 na katao at ang sampung distritong kongreso ay dapat magkaron ng halos 672,454 na bilang ng tao.

Ano ang mga pinagba-batayan upang mabigyan ng konsiderasyon ang muling pag-tatakda ng hangganan sa mga distritong pagbo-boto?

Ang pinagbabatayan ng muling pag-tatakda ng mga hangganan ay nakalaan sa mga batas ng estado at pederal. Ang mga hangganan ng distritong pagboboto ay itina-takda upang:

- Sakupin ang patas na bilang ng tao o di kaya'y halos patas hanggang sa maaari (o maging "praktikal").
- Alinsunod sa Voting Rights Act (Batas batay sa Karapatang Bumoto) upang matiyak na ang mga minoridad ay mabigyan ng patas na pagkakataon na maisa-boto ang mga representante na kanilang nina-nais.
- Tiyakin na ang bawa't distrito ay maging kabit-kabit, walang puwang, at malapit sa hanggang nasa katwiran.
- Respetuhin ang mga hangganan ng siyudad, counties, kapitbahayan, at komunidad na may pagkakaisang interes at di na palakihin pa ang kanilang pagkakaiba-iba.
- Itakda ang mga hangganan na hindi nagbi-bigay pabor o pag-di-diskrimina laban sa pangkasalukuyang naka-upo, sa kandidato, o partidong politikal.

Kasaysayan

1889 - Iniutos ng konstitusyon ng estado na ang Lehislatura ay mag-takda ng distrito batay sa "bilang ng mga katao" matapos ang bawa't US Census.

1889 - Ang sina-unang Lehislatura ay binubuo ng 70 representante at 35 senador. Marami pa ang naidag-dag noong 1890 at 1901 upang maka-sabay sa paglaki ng populasyon ng estado.

1931 - Umangal ang mga mamamayan na ang pag-rerepresenta ay di sapat at nagkaroo ng debate sa pamamagitan ng isang inisyatib upang muling-itakda ang mga hangganan ng distrito.

1954 - Ang Liga ng mga Botanteng Kababaihan ay nagmungkahi ng sarili nilang inisyatib sa pag-didistrito---Inisyatib 199---matapos maglaban-laban ang mga nasa lehislatura batay sa kani-kanilang mga partido upang muling itakda ang mga hangganang pag-boboto.

1956 - Pumasa ang Inisyatib 199, hanay ito sa pag-didistrito dahil sa pinatutunguhan ng paglaki ng populasyon ng estado. Subali't sa susunod na pag-pu-pulong-pulong, mahalaga ang ibinago ng Lehislatura sa lumabas na plano ng pag-didistrito.

1958 - Iminungkahi ng Liga ng mga Botanteng Kababaihan ang pagbabago sa Konstitusyon ng estado na magtatag ng komisyon nang ito ang maging otoridad sa pag-didistrito sa panahon na ang Lehislatura ay di maka-gawa ng agad na aksiyon para sa pag-didistrito. Hindi sumang-ayon ang mga botante sa pagbabagong ito.

1960 - Muling nagmungkahi ang Liga ng mga Botanteng Kababaihan para sa isa pang pagbabago upang maisa-ayos pang muli ang pag-didistrito. Nasangkot ang korte pederal matapos nitong makita na ang itinakda ng distrito noong 1957 ay may diskriminasyon. Inabot ng tatlong taon ang Lehislatura na mag-pasa ng kompromisong lehislatura para maging satispado ang hustisyang pederal.

1970 - Napag-alaman ng US Ditrict Court na ang lehislatura ng pagdidistritong isinagawa noon 1965 ay labag sa saligang batas. Ipinag-bawal ang estado na magkaroon pa ng eleksiyon batay sa pangkasalukuyang batas. Binigyan ng hukuman ang estado ng hanggang ika-25 ng Pebrero, 1972, upang makagawa ng matuwid na planong pag-didistrito. Hindi ito naisa-gawa ng Lehislatura sa takdang petsa, at ang hukuman na ang nag-takda ng planong pag-didistrito para sa estado.

1980 - Noong 1982, dahil napapagod na rin ito sa walang katapusang pag-lalaban-laban, iminungkahi ng Lehislatura ang isang batas na magtatag ng independienteng, dalawang partidong komiteng pag-didistrito at magsisimula ito ng 1991. Dahil ito'y humarap muli sa kautusan ng hukuman sa isang 90-araw na pag-sasagawa , nag-takda ito ng pansamantalang limang-kataong komisyon, na naging matagumpay sa maisa-ayos ang lahat sa takdang panahon.

1983 - Sumang-ayon ang mga botante sa isang ka-utusan na ibago ang Konstitusyon ng estado at itatag ang komisyon. Ang estado ng Washington ang pangatlong estado sa US na mag-distrito sa gawa ng komisyon.

1991 - Ang kina-una-unahang Redistricting Commission ay nag-miting at matagumpay na naka-gawa ng planong pag-didistrito at umabot ito sa takdang panahon.

2001 - Ang pangalawang Redistricting Commission ay sumagawa muli ng planong pag-didistrito at umabot ito sa takdang panahon.

2011 - Magki-kita-kita muli ang pangatlong Redistricting Commission.

Tawagan Kami

www.redistricting.wa.gov
(360) 786-0770
PO Box 40948
Olympia, WA 98504

Ang inyong mga Komisyoner

Lura Powell, Ph.D.
Di bumobotong
Pinuno
Richland

Slade Gorton
Itinakda ng Senadong
Republikano
Clyde Hill

Tim Ceis
Itinakda ng Senadong
Demokratiko
Seattle

Dean Foster
Itinakda ng Kapulungang
Demokratiko
Olympia

Tom Huff
Itinakda ng Kapulungang
Republikano
Gig Harbor

Iparinig ang inyong ibig ipa-hatid!

Papano ako pwedeng makibilang sa pag-didistrito?

- Ipadala sa amin ang inyong mga ibig ipahatid at nasasa-isip tungkol sa inyong komunidad at kung papano ito naging buo.
- Ipadala sa amin ang inyong mga ideya kung papano dapat itakda ang mga hangganang pang-distrito sa inyong komunidad o sa buong estado.
- Sumali sa pulong-pulong. Bumisita sa aming website upang malaman kung saan at kalian. Pwede rin kayong lumahok mula sa pag-gamit ng webcast.